# COVID-19

ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

LONG BEACH HEALTH & HUMAN SERVICES

WWW.LONGBEACH.GOV/ COVID19

## ANO ANG COVID-19?

Ang novel coronavirus (COVID-19) ay isang virus sa respiratory na unang natukoy noong Disyembre 2019 sa Wuhan, Probinsya ng Hubei, Tsina. Ang virus na ito ay maaaring orihinal na lumitaw mula sa pinagmulang hayop ngunit kumakalat na ngayon nang tao sa tao.

Ang Kagawaran ng Kalusugan ng Long Beach ay mahigpit na sinusubaybayan ang sitwasyon at gumagawa ng mga hakbang para panatilihing ligtas ang Long Beach.

## PAANO ITO NAILILIPAT?

- Malapitang personal na kontak, tulad ng paghawak at pakikipagkamay.
- Ang mga talsik habang umuubo at bumabahing
- Paghawak sa iyong mga mata, ilong, at bibig nang hindi naghuhugas ng kamay

## PAANO ITO NASUSURI?

Susuriin ng mga tagapangalaga ng kalusugan ang mga pasyente at kokonsulta sa Kagawaran ng Kalusugan kung tutukuyin ang pagsusuri.

## ANO ANG GAMOT?

Karamihan ng mga tao ay gagaling nang kusa. Walang partikular na gamot para sa impeksyon ng novel coronavirus.

## ANO ANG MGA SINTOMAS?

Kabilang sa mga kasalukuyang inulat na sintomas ang kaunti hanggang sa malubhang sakit sa respiratory na may lagnat, pag-ubo at hirap sa paghinga.

- Lagnat
- Paninikip ng paghinga
- Pag-ubo

## AKO BA AY NASA PANGANIB?

Nagbiyahe umiyahe ako sa sa loob ng nakaraang dalawang linggo.

O

Nagkaroon ako ng malapit na kontak sa isang taong may COVID-19.

\+

Nagkasakit ako na may lagnat at ubo o paninikip ng paghinga

=

**Makipag-ugnayan sa iyong tagapangalaga ng kalusugan para matukoy kung kinakailangan ng pagsusuri.**

## PAANO KO PIPIGILAN ANG PAGKALAT NG COVID-19?

- Maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig nang 20 segundo man lang.
- Iwasan ang paghawak sa mga mata, ilong, at bibig nang hindi naghuhugas ng kamay.
- Iwasan ang malapitang kontak sa mga taong may sakit.
- Takpan ang iyong pag-ubo o pagbahing gamit ang tissue, at pagkatapos ay itapon ang tissue sa basurahan.
- Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit.
- Linisin at i-disinfect ang mga madalas na hinahawakang gamit at surface.